

# Si Kardong Buto


Kwento ni:
Jenny D. Mesada

Guhit ni:
Maria Pilar M. Irupang


"For Reading Purposes Only"

Nakikilala ang mga pangangailangan ng mga halaman at mga paraan upang mapangalagaan ang mga ito

PNEKP-IIb-2

"For ReadEx Purposes Only"




# Si Kardong Buto

"For ReadEx Purposes Only"


Isang araw may mag-iinang kumakain ng masarap at matamis na abokado.

"Mama, paborito ko po talaga ito,"sabi ni Gina.



"For ReadEx Purposes Only"

"Ako rin po Mama, gustung-gusto ko rin ang prutas na ito!" wika ni Vince, ang bunso sa dalawang magkapatid.



"For ReadEx Purposes Only"

“Sige Vince at Gina, sa susunod bibili ulit ako ng masarap na abokado,” pangako ng ina sa kaniyang dalawang anak.




“For ReadEx Purposes Only”



Pagkatapos nilang kumain, itinapon na ni Aling Mila ang balat at buto ng abokadong kinain nila sa bag ng basura.

Ilang araw nanatili ang buto sa loob ng mabahong basurahan. Hindi halos ito makagalaw at nadadaganan ng iba't ibang basura.




"For ReadEx Purposes Only"

"Aray ko!" ang sigaw ng butong si Kardo. "Hindi ako makagalaw at hirap na hirap akong huminga," dagdag pa niya.



"For ReadEx Purposes Only"




“Sana makaalis na ako rito,” mahinang dasal ni Kardo. Biglang may malakas na tunog at naramdaman niyang nagpagulung-gulong siya!

“For ReadEx Purposes Only”




“Aray ko po!” reklamo ni Kardo. Kaya pala, inilipat na ang mga basura sa malaking trak upang itapon sa dumpsite.

“For ReadEx Purposes Only”



"For ReadEx Purposes Only"

Maya-maya'y biglang tumaas ang kanyang kinalalagyan! Iyon pala'y nagsisimula na silang ibuhos sa napakalaking dumpsite sa gilid ng isang bundok



"For ReadEx Purposes Only"

"Aray ko!" Napalakas ang hagis sa kanya at gumulong nang gumulong ang kawawang buto, hanggang mabangga sa tipak ng bato.

"Naku po! Kapag nga naman minamalas ka!" Nasaktan si Kardo sa malakas na pagkabunggo sa bato. Pansumandali siyang nakapahinga. Maya-maya'y...





"For ReadEx Purposes Only"

Heto na ang basurang kasunod niyang gumugulong!

"Wahhhhhh!"

"Tigilan na ninyo ako! Ano bang kasalanan ko?" napapaiyak na sabi niya.




"For ReadEx Purposes Only"

Sa paggalaw ng malaking basura, nabangga siya nito. Tuluyan nang nahulog sa matarik na bundok ang takot na si Kardo.



"For ReadEx Purposes Only"



"For ReadEx Purposes Only"

"Wahhhhhh!" iyak at sigaw niya. Subalit sa isang malambot na lupa siya bumagsak at malapit ito sa bahagi ng tubig.

Nawala ang pagod niya sa kagugulong dahil sa kanyang napuntahan. Nakaramdam siya ng kaginhawahan.

"Hayyy salamat! Makakapagpahinga na rin ako.



"For ReadEx Purposes Only"

Ilang araw siyang nanatili roon nang  may mapansin siyang tila may lumalabas na bagay sa gitna ng kanyang katawan.

"For ReadEx Purposes Only"




"Ano ito?" usal niyang may pagtataka. "Mukhang mabibiyak yata ako sa gitna!" "Mamamatay na ba ako?" muling natakot si Kardo.




"For ReadEx Purposes Only"

Lumipas ang araw at unti-unting nabiyak si Kardo.May lumabas na berdeng maliit na dahon sa kanyang gitnang katawan.




"For ReadEx Purposes Only"

Natuwa si Kardo sa dahan-dahan niyang pagtaas samantalang lumalalim naman ang kanyang mga paa habang nagiging matibay ang kanyang katawan.



"For Read Purposes Only"



"For ReadEx Purposes Only"

Masaya siyang nakikita na mas mataas na siya sa mga berdeng damong nakapaligid sa kanya. Lumipas pa ang mga araw.



"For ReadEx Purposes Only"

Paglipas ng ilang taon, naging mayabong ding puno si Kardo, nagkaroon ng maraming dahon, matibay na sanga, at napakaraming bunga.



"For ReadEx Purposes Only"

Kaya dapat, kapag kumain kayo ng prutas na may buto, huwag ninyong itapon kung saan-saan lang para 'di sila mahirapan.



Itanim sila sa magandang lugar na may matabang lupa at alagaan upang balang araw ay mapakinabangan din natin sila.

"For ReadEx Purposes Only"

# TUNGKOL SA MANUNULAT AT TAGAGUHIT



Si Gng. Jenny D. Mesada ay lumaki sa probinsiya ng Cagayan. Isa sa mga paborito niyang prutas ang abokado kaya naman ito ang madalas bilhin ng kaniyang nanay noong siya ay bata pa. Sa kasalukuyan, matiyaga siyang nagtuturo sa ikaanim na baitang sa C.P. Sta. Teresa Elementary School. Ang “Si Kardong Buto” ang unang aklat na pambata na kaniyang isinulat.

"For ReadEx Purposes Only"



Si Gng. Maria Pilar M. Irupang ay naging isang mag-aaral, guro at ina sa lungsod ng Taguig. Wala mang pormal na pag-aaral sa pagguhit, ang pagmamahal at dedikasyon sa pagtuturo ang nagtulak upang iguhit ang unang aklat na ito.



"For ReadEx Purposes Only"

Si Kardo ay isang buto ng abukado. Itinapon siya sa basurahan at doon siya ay lubhang nahirapan. Gustung-gusto niyang makawala ngunit wala siyang magawa. Hanggang sa siya'y tuluyan nang itapon sa dumpsite at doon niya naramdaman ang tunay niyang halaga sa bawat tao at sa paligid na kanyang kinabibilangan.